

**Imbestigasyon sa Proteksyon sa Bata at Multi-disciplinary Case
Conference sa Proteksyon sa Bata na Pinaghihinalaang
Minamaltrato – Paalala para sa mga Magulang**

Lahat ng bata ay nararapat na lumaking malusog na may wastong pangangalaga sa pisikal, sikolohikal at emosyonal. Dapat silang protektahan laban sa pananakit at pagsasamantala. Lahat ng magulang/taga-bantay at tagapag-alaga ay may pananagutan na tugunan ang pisikal, sikolohikal at mga pangangailangan sa pakikisalamuha ng kanilang mga anak.

Naiintindihan namin na ang mga magulang/taga-bantay ay maaaring may iba't ibang problema para hindi nila mabigyan ng wastong pangangalaga at gabay ang kanilang mga anak sa lahat ng oras. Gayunpaman, kung may mga dahilan para paniwalaan na may anumang paggawi ng o pagpapabaya ng mga magulang/taga-bantay na nagsasapanganib o nakakapinsala sa pisikal/sikolohikal na kalusugan at paglaki ng isang bata, lahat ng mga kawani ay na maaaring makipag-ugnay sa bata ay may responsibilidad na gawin ang mga kinakailangang aksyon alinsunod sa "Pagprotekta sa mga Bata mula sa Pagmamaltrato - Gabay sa Pamamaraan para sa Ibat't ibang Uri ng Kooperasyon" para sa pagprotekta sa kaligtasan at pag-iingat sa pinakamakabubuti sa interes ng bata. Kailangan din nilang mag-ulat sa manggagawang panlipunan ng Yunit ng Serbisyo para sa Pamilya at Bata ng Kagawarang Kapakanang Panlipunan (SWD) o sa manggagawang panlipunan ng SWD/organisasyong hindi pang-gobyerno na humahawak sa bata o sa kaso ng pamilya upang magsagawa ng paunang pagtatasa at/o imbestigasyon sa proteksyon ng bata. Para sa mga pinaghihinalaang mga kaso ng sekswal na pang-aabuso, maging ang mga magulang/tagapag-alaga o ibang tao ay kasangkot o hindi, ang mga kawani ay obligadong hawakan ang mga kaso alinsunod sa nabanggit na Patakaran ng Pamamaraan.

Ito ay hindi para sisihin ang magulang/tagapag-alaga ni palabasin man na masama ang magulang/tagapag-alaga /bata kundi para ipaunawa ang bigat ng sitwasyon para makipagtulungan ang pamilya sa mga kawani at gamitin ang kanilang sariling kakayahan na malutas nang maayos ang mga problema sa lalong madaling panahon para masiguro ang kaligtasang pisikal at sikolohikal ng bata.

Paano hinahawakan ng manggagawang panlipunan ang kaso at nagsasagawa ng imbestigasyon?

Kapag nalaman na ang isang bata ay posibleng sinaktan/minaltrato (kabilang ang pisikal, sikolohikal, sekswal na pang-aabuso o pagpapabaya), ang unang gagawin ng manggagawang panlipunan ay susuriin ang kaso at kokolektahin ang pangunahing impormasyon para sa pagsasagawa ng paunang pagtatasa, at pagkatapos ay magpapasya kung magsasagawa ng imbestigasyon para sa proteksyon ng bata o mag-uulat sa may pananagutang yunit para sa pagsasagawa ng imbestigasyon sa proteksyon ng bata. Kung sa tingin ng manggagawang panlipunan na kailangan ng agarang pagkilos para matiyak ang kaligtasan ng bata, tulad ng pagsasa-ayos ng pagsusuri o medikal na paggamot, o pagsasa-ayos ng isang angkop na lugar para sa pansamantalang tirahan ng bata, ang manggagawang panlipunan ay unang makipag-ugnay sa (mga) magulang at ipaliwanag sa kanya/kanila at sa bata ang mga nauugnay na pamamaraan hangga't maaari. Sa mga pagkakataon na tila isang kriminal na pagkakasala ang maaaring nagawa, obligado ang manggagawang panlipunan o kaugnay na kawani na iugnay ito sa Pulis para maimbestigahan.

Napakahalaga na makipagtulungan ang mga magulang sa manggagawang panlipunan at iba pang kawani. Inaasahan namin na ang lahat ng mga partido ay magkakasundo sa isang naaangkop na plano sa talakayan para mapadali ang mga magulang na magbigay ng wastong pangangalaga at pangangasiwa sa bata para hindi na masaktan/mamaltrato ang bata.

Karagdagang impormasyon sa paghawak at imbestigasyon ng kaso ay ang mga sumusunod:

Medikal na Eksaminasyon o Paggamot

Kung ang isang bata ay nangangailangan ng medikal na pagsusuri o paggamot, ang panlipunang manggagawa o mga kawaning kaugnay ay gagawa ng kaayusan para magamot ang bata sa ospital sa ilalim ng Hospital Authority. Ang social worker ay maaaring makipag-ugnay sa doktor para sa direktang pagpasok ng bata sa isang ward, na may pahintulot mula sa mga magulang, para maiwasan na maghintay ang bata sa Accident and Emergency Department. Maaaring kailanganin ng bata na manatili sa ospital para sa

masusing pagsusuri, pagtatasa o obserbasyon kung kinakailangan.

Pansamantalang Kaayusan ng Pangangalaga

Kung ang bata ay hindi nangangailangan ng pagsusuri o paggamot sa ospital pero sa tingin ng panlipunang manggagawa o ng iba pang mga kawaning nag-iimbestiga na hindi pa nararapat para sa bata na umuwi sa sandaling iyon, kakausapin ng panlipunang manggagawa ang mga magulang at gagawa ng kaayusan para sa isang angkop na lugar na pansamanatalang tutuluyan ng bata.

Mga Imbestigasyon

Ang panlipunang manggagawa ay magsasagawa ng isang malalim na imbestigasyon sa proteksyon ng bata at pagtatasa sa mga kalagayan ng pamilya, kabilang ang mga panayam sa at pagbisita sa bahay ng bata at sa kanyang mga miyembro ng pamilya at pagkuha ng kinakailangang impormasyon mula sa mga tauhan ng mga organisasyon na may kaalaman sa bata at ang kanyang pamilya. Bukod pa sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa insidente, pag-aaralan din ng panlipunang manggagawa ang mga kalagayan ng bata at ng kanyang mga miyembro ng pamilya nang detalyado, at tatasahan ang panganib ng bata na masaktan/mamaltrato, mga pangangailangan, kahirapan at lakas ng bata/pamilya, pati na rin para gumawa ng paunang plano sa pag-aasikaso para sa kanila.

Ang iba pang mga propesyonal ay maaari ring magsagawa ng medikal na pagsusuri, pag-iimbestiga sa kriminal o iba pang mga pagtatasa kung kinakailangan, tulad ng pagtatasa ng sikolihikal o saykayatriko, atbp. Ang mga nauugnay na propesyonal ay magbibigay ng isang detalyadong paliwanag sa mga magulang at tutulungan silang maunawaan ang layunin at kahalagahan ng imbestigasyon. Kung ang insidente ay seryoso o isang kriminal na pagkakasala ang maaaring nagawa, kailangan na isangguni sa Pulisya ng mga kawani ang kaso para imbestigahan, kahit na hindi gusto ng mga magulang/bata na gawin ito.

Kung ang mga magulang ay hindi pumayag sa mga kaayusang nabanggit

Taimtim na hinihiling sa mga magulang na maunawaan na ang mga kaayusang nabanggit ay para pangalagaan ang kaligtasan at interes ng bata. Naiintindihan

namin na ang mga magulang ay maaaring mabalisa at hindi mapalagay sa panahon ng pagsisiyasat at maaaring mayroon silang ibang mga pananaw na iba sa pananaw ng mga kawani. Isasaalang-alang ng kawani ang mga pananaw ng mga magulang. Gayunpaman, upang maprotektahan ang kaligtasan ng bata at pangalagaan ang kanyang pinakamainam na interes, kahit na ang mga magulang ay hindi pumayag sa ilang kaayusan, ang mga kaugnay na mga kawani ay maaaring kumuha ng legal na proteksyon para sa bata sa ilalim ng Ordinansa ng Proteksyon sa mga Bata at Kabataan, Cap 213, kung hinihiling ng kalagayan, kasama ang pagdadala sa bata sa isang ligtas na lugar.

Karagdagang impormasyon tungkol sa panawagan ng mga probisyon ng Ordinance ay ang mga sumusunod.

Medikal na Pagsusuri o Paggamot

Kung ang mga magulang ay hindi pumayag na dalhin ang bata para sa medikal na pagsusuri o paggamot pero sa tingin ng mga tauhang nag-iimbestiga ay kailangan ito, alinsunod sa Seksyon 34F (1) at (2) ng Protection of Children and Juveniles Ordinance, Cap 213 (PCJO), ang sinumang tao na awtorisado ng sulat ng Direktor ng Social Welfare (DSW) o sinumang opisyal ng pulisya na ang ranggo ay station sergeant o mas mataas na naniniwala na ang bata o kabataan ay mukhang nangangailangan ng pangangalaga o proteksyon ay nangangailangan ng agarang medikal o surgical na atensyon o paggagamot ay maaaring magdala sa bata o kabataan sa ospital. Ang isang bata o kabataan na na-admit sa isang ospital pagkatapos dalhin doon ay maaaring i-detain ng DSW sa ospital na iyon hangga't ang pagpunta ng bata o kabataan sa ospital na iyon ay kinakailangan para sa layuning medikal o surgical na atensyon o paggamot, at pagkatapos nito ay maaaring dalhin siya ng DSW sa isang lugar kanlungan.

Pansamantalang Kaayusan ng Pangangalaga

Kung sa opinyon ng tauhang nag-iimbestiga na hindi nararapat para sa isang bata na umuwi sa bahay sa pagkakataong iyon habang ang mga magulang ay hindi sumasang-ayon na ang bata ay dapat manatili sa isang pansamantalang alternatibong lugar, alinsunod sa Seksyon 34E (1) ng PCJO , sinumang tao na pinahihintulutan sa pagsulat ng DSW o sinumang opisyal ng pulisya na ang

ranggo ay station sergeant o mas mataas ay maaaring kumuha ng sinumang bata o kabataan na tila nangangailangan ng pangangalaga o proteksyon sa isang lugar ng kanlungan o sa iba pang lugar na sa tingin niya ay angkop. Pagkatapos ay gagawa ang opisyal ng isang application ng Care or Protection Order sa Korte para sa bata sa loob ng 48 oras.

Pagpupulong ng Iba't ibang Kaso sa Proteksyon sa Bata na Pinaghihinalaang Minamaltrato

Ang manggagawang panlipunan at kaugnay na kawani ay magdadaos ng pagpupulong para sa mga kasong may iba't ibang uri pagkatapos na magsagawa ng imbestigasyon at makakuha ng ilang impormasyon para sa kaso. Lahat ng impormasyon na tinalakay sa pagpupulong ay pananatiliing kumpidensyal. Ang pagpupulong ay HINDI para talakayin ang tungkol sa pag-uusig ng sinasabing maysala kundi para hayaan ang mga propesyonal, na may mahalagang papel sa paghawak at pag-iimbestiga sa kaso, na ibahagi ang kanilang propesyonal na kaalaman, impormasyon na nakuha at mga ikinababahalang tungkol sa kalusugan, pag-unlad, kakayahan na harapin ang mga bagay sa buhay at ang kakayahan ng mga magulang/tagapag-alaga ng bata sa pagtiyak ng kaligtasan ng bata, na ang layunin ay protektahan ang kaligtasan ng bata at pag-iingat sa kanyang kapakanan at pagrerekomenda ng mga aksyon para sa plano ng pag-aasikaso sa bata at ng kanyang pamilya.

Kung handa na ang lahat ng kinakailangang impormasyon, ang pagpupulong ay, hangga't maaari, gaganapin sa loob ng 10 araw ng pagtatrabaho pagkatapos na ang ulat ay matanggap ng yunit ng serbisyong panlipunan na responsable para sa imbestigasyon sa proteksyon ng bata, na may layuning mabuo ang isang plano sa lalong madaling panahon para protektahan ang kaligtasan ng nasabing bata.

Karagdagang impormasyon sa Pagpupulong ng Iba't ibang Uri ng Kaso ay ang mga sumusunod.

Mga Miyembro ng pagpupulong

Ang pagpupulong ng iba't ibang uri ng kaso ay karaniwang ipinapatawag ng

isang manggagawang panlipunan. Kasama sa mga miyembro na dumadalo sa pagpupulong ang mga propesyonal na nakikibahagi sa imbestigasyon sa kaso, na may kaalaman sa bata at sa kanyang pamilya o maaaring mag-asikaso sa kaso sa hinaharap, ito ay ang mga:

- mga manggagawang panlipunan
- kawaning medikal
- kawani ng paaralan
- pulis opisyal
- mga klinikal na sikologo
- mga propesyonal na kasalukuyang nagbibigay ng mga serbisyo sa batang nasasangkot o kanyang pamilya
- iba pang mga propesyonal na kinakailangang magbigay ng impormasyon o maaaring humawak sa kaso sa hinaharap

Paano isinasagawa ang pagpupulong

Ang mga propesyonal na dumadalo sa pagpupulong ay karaniwang nagsisimula sa pamamagitan ng pag-uulat sa ibang miyembro ng impormasyon na nakuha mula sa imbestigasyon at kanilang kaalaman tungkol sa pamilya. Ang mga sumusunod na bagay ay tatalakayin sa pagpupulong:

- pagpapasya kung ano ang uri ng insidente mula sa pananaw ng pagbibigay proteksyon sa kaligtasan ng bata
- pagtasa sa kasalukuyan/hinaharap na antas ng panganib ng pagmamaltrato sa (mga) bata na sangkot pati na rin sa ibang bata sa pamilya at ang kanilang pangangailangan
- pagpasyahan ang kategorya ng kaso (kung ito ay isang kaso ng proteksyon sa bata)
- batay sa kalalabasan ng mga talakayang nabanggit, gumawa ng rekomendasyon at kaayusan na may kaugnayan sa plano sa pag-aasikaso sa bata na nasasangkot at sa kanyang pamilya para protektahan ang kaligtasan ng bata o pangalagaan ang kanyang kapakanan, kabilang ang kaayusan sa pangangalaga sa bata at kung kailangan ng legal na pagkilos para sa bata
- matukoy ang yunit at ang manggagawang panlipunan na responsable para sa pag-aasikaso sa kaso, linawin ang mga tungkulin at responsibilidad ng iba pang propesyonal sa pagpapatupad ng plano sa pag-aasikaso, at magtalaga ng isang pangunahing pangkat para

mag-asikaso sa kaso kung naaangkop at magpasya sa magiging kasapi ng pangunahing pangkat

- matukoy kung irerehistro ang impormasyon ng bata na nasasangkot at/o ang kanyang (mga) kapatid sa Rehistro ng Proteksyon ng Bata
- kung isang krimen ang maaaring nagawa, para talakayin ang pangangailangan na iulat ang insidente sa Pulisya kung hindi pa ito nagawa bago ang pagpupulong. Mangyaring tandaan na ang layunin ng pagpupulong ay para maprotektahan ang interes ng bata at ng kanyang pamilya. Ang desisyon ng pagpupulong ay walang epekto sa pagpapasya ng pulisya kung dapat kasuhan o hindi ang sinasabing (mga) may sala

Ano ang mga kasama sa Plano sa Pag-aasikaso

Ang pangunahing layunin ng plano sa pag-aasikaso ay para mabawasan o maalis ang peligro ng pinsala sa bata at mapahusay ang tungkulin ng pamilya at ang kanilang kakayahan sa pangangalaga at pagpapalaki sa bata para maituloy nila ang buong responsibilidad sa pagprotekta sa kaligtasan ng bata.

Depende sa kalagayan at pangangailangan ng bata na sinaktan/minaltrato at ng kaniyang pamilya, maaaring kasama sa plano sa pag-aasikaso ang:

- serbisyong pagpapayo para sa bata at sa kanyang pamilya
- klinikal, sikolohikal at/o medikal na pagtatasa at paggamot para sa bata at sa kanyang pamilya
- serbisyong pangangalaga sa araw o residensyal na serbisyo para sa bata at/o sa kanyang (mga) kapatid para maprotektahan ang kanilang kaligtasan o magbigay sa mga magulang ng pansamantalang kaluwagan mula sa pangangalaga o pangangasiwa ng kanilang (mga) anak
- aplikasyon sa Korte para sa kautusan sa pangangalaga at/o pangangasiwa ng bata at/o ang kanyang (mga) kapatid alinsunod sa Seksyon 34(2) ng Proteksyon para sa mga Bata at Kabataan, Cap 213
- mga espesyal na serbisyo para sa (mga) miyembro ng pamilya sa pagharap sa mga problema sa emosyonal, stress, pagsusugal, alkoholismo, pag-abuso sa droga, atbp.
- edukasyon sa magulang o magulang sa anak na mga aktibidad
- suporta para matuto at mga aktibidad na hindi kasama sa karaniwang gawain para sa bata
- pampananalapi o tulong sa paghahanap ng trabaho para sa pamilya
- sentro ng kanlungan, pansamantalang serbisyo sa tirahan o serbisyong

panandaliang pangangalaga, atbp. para sa iba pang mga miyembro ng pamilya na nasa panganib

- iba pang mga serbisyong suporta ng komunidad

Sa panahon ng pag-aasikaso sa kaso, ang manggagawang panlipunan ay makikipag-ugnayan sa bata at sa kanyang pamilya at patuloy na makikipag-ugnayan sa mga kaugnay na propesyonal habang at kung kinakailangan para regular na masuri ang sitwasyon ng bata at ng kanyang pamilya at magbigay naaangkop na tulong. Kung may serbisyong residensyal sa pangangalaga ng bata ang isinaayos, tatalakayin ng manggagawang panlipunan ang mga kaayusan para sa pagbisita, paglabas, pagbakasyon sa pinagmulan, atbp. kasama ang mga magulang at anak, at tulungan ang pamilya sa pagharap sa kanilang mga problema sa pangangalaga at pagpapalaki para makasama muli ng bata ang kanyang pamilya sa lalong madaling panahon.

Kung ang isang bata ay pinaghihinalang minaltrato, maaari bang dumalo ang mga magulang o ang bata ay dumalo sa pagpupulong

Ang pagpupulong ay may dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay para sa talakayan ng mga miyembro. Ang pangalawang bahagi ay para talakayin ng mga miyembro ang mga magulang. Sa ilalim ng normal na mga kalagayan, ang mga magulang ng bata na pinaghihinalang minaltrato ay aanyayahan na dumalo sa pangalawang bahagi ng pagpupulong. Sa ilang mga kaso, ang bata ay maaaring anyayahan din kung siya ay makikinabang sa pagdalo sa pagpupulong.

Ang mga layunin ng pag-anyaya sa mga magulang at/o sa bata na dumalo sa pagpupulong ay para talakayin sa kanila ang mga isyu na may kinalaman sa pagpupulong. Bukod sa pagsasabi sa kanila ng mga pananaw/rekomendasyon/desisyong pagpupulong, isasaalang-alang din ang kanilang mga opinyon, lalo na sa plano sa pag-aasikaso na inirerekomenda sa pagpupulong, para mapabuti ang pag-unawa ng mga magulang sa paraan sa pakikipagtulungan sa ang mga propesyonal sa pagpapatupad ng plano sa pag-aasikaso.

Gayunpaman, ang mga (mga) magulang ay maaaring hindi imbitahan kung ang kanilang pagdalo ay itinuturing na hindi angkop ng mga miyembro (hal. ang kanyang/kanilang presensya ay maaari na seryosong makasama sa

pinakamahasay na interes ng bata o makagambala sa proseso ng pagpupulong, o ang kondisyon ng kalusugan, kaisipan at emosyonal ay magiging dahilan para siya/sila ay hindi epektibong makasali sa talakayan).

Kung ang mga magulang o ang bata ay hindi dadalo sa pagpupulong, maaari nilang, bago ang pagpupulong, ipahayag ang kanilang mga pananaw sa insidente at plano sa pag-aasikaso sa nag-iimbestigang manggagawang panlipunan o iba pang miyembro para kanilang isaalang-alang sa pagpupulong. Ipapaliwanag ng Pinuno o manggagawang panlipunan (kasama ang ilang mga kasapi kung kailangan) sa mga magulang o sa bata, pagkatapos ng pagpupulong, ang mga desisyon at rekomendasyon na ginawa sa pagpupulong. Maaari ring ipahayag ng mga magulang ang kanilang pananaw sa mga rekomendasyon. Ipaparating ng manggagawang panlipunan ang kanilang mga pananaw sa iba pang miyembro, kung kinakailangan.

Puwede bang isama ng mga magulang ang kanilang mga kamag-anak o ibang mga tao sa pagpupulong?

Depende ito sa pahintulot ng mga miyembro ng pagpupulong, ang mga malalapit na miyembro ng pamilya at kamag-anak na may malinaw na kaalaman sa bata at makibahagi sa pagbuo o pagpapatupad ng plano sa pag-aasikaso ay maaari ding anyayahan kung kinakailangan. Gayunpaman, ang mga magulang na hindi makakadalo sa pagpupulong ay hindi kailangang magpadala ng kinatawan para dumalo dahil ang indibidwal na iyon ay hindi makakalahok sa mga talakayan o makagagawa ng mga desisyon sa ngalan ng mga magulang. Pagkatapos ng pagpupulong, ang ipapaliwanag ng Pinuno o manggagawang panlipunan (kasama ang ilang miyembro kung kailangan) sa mga magulang ang mga desisyon at rekomendasyon na ginawa sa pagpupulong.

Paano makilahok ang mga magulang sa pagpupulong

Bago ang pagpupulong, saglit na kakausapin ng Pinuno o ng tagasiyasat na manggagawang panlipunan ang mga magulang sa mga layunin, pagiging kasapi at paglilitis ng pagpupulong, atbp. Sa panahon ng pagpupulong, maaaring dagdagan ng mga magulang ang impormasyon sa tungkol sa nakaraan ng pamilya, makilahok sa mga talakayan at ibigay din ang pananaw sa mga panganib at kailangang pagtatasa, pagbuo at/ pagpapatupad ng plano sa pag-aasikaso. Ang mga magulang ay maaari ring humingi ng paglilinaw

mula sa Pinuno o sa mga miyembro tungkol sa mga isyu na tinalakay sa pagpupulong.

Ano ang dapat gawin ng mga magulang pagkatapos ng pagpupulong

Ang pagpupulong ang tutukoy sa kung sino ang manggagawang panlipunan sa alin mangy unit at kung ano ang aasikasuhin ng propesyonal sa hinaharap ng kaso. Pinapayuhan ang mga magulang na panatilihin ang pakikipag-ugnay sa responsableng manggagawang panlipunan at iba pang mga propesyonal na nag-aasikaso sa mga kaso, at para matiyak ang kaligtasan ng bata at kapakanan ng pamilya hangga't maaari. Napakahalaga ng kooperasyon at aktibong pakikilahok ng mga magulang.

Kung hindi sang-ayon ang mga magulang sa desisyon sa pagpupulong

Pwedeng ipahayag ng mga magulang na dumalo sa pagpupulong ang kanilang mga pananaw. Gayunpaman, dumalo man o hindi sa pagpupulong ang mga magulang, maaari nilang ipahayag ang kanilang mga pananaw sa Pinuno at/o responsableng manggagawang panlipunan pagkatapos ng pagpupulong, kung kinakailangan.

Kung ang mga magulang ay hindi sang-ayon sa uri ng insidente na tinukoy sa pagpupulong, ipapaliwanag ng Pinuno o ng responsableng manggagawang panlipunan sa mga magulang ang mga dahilan ng pagpapasya. Inaasahan namin na maunawaan ng mga magulang na ang uri ng insidente ay natukoy mula sa pananaw ng pag-iingat sa pisikal at sikolohikal na kaligtasan ng bata batay sa propesyonal na payo na ibinigay ng mga miyembro ng pagpupulong. Bagaman ang pananaw at pagpapakahulugan ng mga magulang tungkol sa uri ng insidente ay baka bahagyang naiiba sa mga miyembro, ang pinakamahalaga ay magkaroon ng pagkakaisang pahintulot sa mga problemang pinag-usapan para maibsan ang mga problemang ito sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapayo o iba pang serbisyong suporta.

Kung ang mga magulang ay hindi sang-ayon sa ilang (mga) kaayusan ng plano sa pag-aasikaso na inirekomenda ng pagpupulong na nauugnay sa kaligtasan at/o pangangalaga ng bata, ang manggagawang panlipunan ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan o ang Pulis ay maaaring mag-aplay sa

Korte para sa Utos sa Proteksyon o Proteksyon para sa bata alinsunod sa Seksyon 34 (2) ng Ordinansa sa Proteksyon ng mga Bata mga Kabataan, Cap 213. Maaaring ipahayag ng mga magulang ang kanilang mga pananaw sa paglilitis. Ang Korte ay gagawa ng desisyon sa mga nauugnay na kaayusan. Kahit na hindi sang-ayon ang mga magulang sa plano sa pag-aasikaso at maghain ng reklamo sa organisasyon na kasangkot, isasagawa pa rin ng responsableng manggagawang panlipunan at mga nauugnay na propesyonal ang plano sa pag-aasikaso na inirekomenda ng pagpapatuloy hangga't maaari.

Kung ang mga magulang ay di-nasisiyahan sa paghawak ng isang partikular na propesyonal

Ang mga responsableng propesyonal sa paghawak sa pinaghihinalang kaso ng pagmamaltrato sa bata ay gagawin ang lahat ng kanilang makakaya para ipaliwanag sa mga magulang ang mga aksyon na gagawin/ginawa at ang mga dahilan sa likod nito, na umaasang maiintindihan at makikipag-tulungan ang mga magulang. Ang mga magulang na hindi nasisiyahan sa mga pamamaraang ginawa ng isang partikular na propesyonal ay maaaring magpahayag ng kanilang mga pananaw o maghain ng reklamo sa organisasyon ng propesyonal na iyon.